

MGA KATANUNGANG MADALAS ITANONG Maaring mayroon kaming kasagutan sa inyong mga katanungan. Basahin sa baba.

AGENCY BA ANG DOHA NANNY?

Hindi po. Tutulungan po namin kayong maipakita ang inyong profile sa maraming expat na employers/amo online.

IHA-HIRE BA AKO NG DOHA NANNY?

Tutulungan ka naming makahanap ng employer na mag i-sponsor para sa iyo.

SINUBUKAN KONG GUMAWA NG PROFILE SA WEBSITE NGUNIT HINDI ITO GUMAGANA (HINDI AKO MAKAPAG UPLOAD NG PICTURE, ATBP)?

Hindi po suportado ng aming website ang lahat ng klase ng cellphones. Ang ibang mas naunang model ng cellphones tulad ng (Samsung S3, etc) ay maaaring walang kakayahang ilagay ang iyong impormasyon or larawan. Kung maaari lamang ay imessage nyo po kami sa facebook at amin po kayong tutulungan sa pagkumpleto ng iyong profile.

PWEDE BA AKONG MAG SIGN UP KAHIT NA ANG KASALUKUYAN KONG SPONSOR AY HINDI MAGBIBIGAY NG RELEASE O NOC?

Hindi. Ang aming serbisyo ay para sa mga kasambahay na maaaring i-sponsor ng legal ng bagong employer.

KAMI BA AY LEHITIMO AT LEGAL?

Maipapangako namin na kami ay lehitimo at legal. Ang Doha Nanny ay ginawa ng mga expat para matulungan ang mga kasambahay na makahanap ng mabuting employer. Ang aming serbisyo ay dinisenyo upang mabigyan kayo ng kakayahang makapili ng inyong gustong employer at gayon na rin ang makatipid kayo. Hindi kami naniningil at nahingi ng bayad sa mga kasambahay dahil naniniwala kami na iyon ang tama.

ANO ANG MGA LAHI NG MGA EMPLOYERS/AMO?

Kami po ay nagbibigay serbisyo sa mga propesyonal na pamilyang expat. Ang aming mga members ay galing sa iba't ibang lahi, ngunit karamihan ay mga European at western families. Hindi po naming tatanggapin ang isang employer kung sa palagay namin ay hindi nito itatrato ng maganda ang isang kasambahay.

SINO ANG MAGDEDESIYON SA PAG HIRE SA AKIN?

Ang employer ang siyang direktang kokontak at kakausap sa iyo kapag sila ay interesadong i-hire ka. Ikaw ay kanilang tatanungin at maaari mo rin silang tanungin. Tandaan: ikaw ay hindi obligadong tumanggap o sumang-ayon sa sinomang employer o

pumirma ng kontrata. Ikaw my may kalayaang magdesisyon kung sinong employer at kontrata ang gusto mong piliin at pirmahan.

MAGKANO ANG SAHOD?

Hindi po kami ang direktang mag ha-hire o magbibigay ng pasahod sa inyo. Ikaw ang direktang makikipagkasundo sa iyong employer. Ang pinakamababang pasahod (para sa mga Pilipina) ay 1500QAR (\$400USD). Marami sa aming mga members ay nagbabayad ng halagang 1800-2500QAR para sa isang eksperyensadong kasambahay na nasa Qatar na.

ILANG ARAW NG PAHINGA O OFF ANG MAAARI KONG MAKUHA?

Hindi po kami ang direktang mag ha-hire o magbibigay ng pasahod sa inyo. Ikaw ang direktang makikipagkasundo sa iyong employer/amo. Ang mga amo ay nararapat na magbigay ng isang off kada isang linggo, mayroon ilang mga amo na nagbibigay ng 2 araw na pahinga kada linggo .

MAGKANO ANG BAYAD SA PAG REGISTER/ PAG SIGN UP?

Wala kang babayaran. Hindi po kami humihingi o tumatanggap ng anumang bayad o perang manggagagaling sa inyo kahit na kailan. Libre ang pagregister para sa mga kasambahay. Libre ang paggawa ng profile na makikita ng mga employers. Walang agency fee, walang placement fee, walang hiring fee. Kami ay naniniwala na ang employer and dapat na magbayad ng lahat ng kabuuang halaga sa pag-hire sa iyo at hindi ikaw.

MAAARI NINYO PO BA AKONG TULUNGAN SA PAG TRANSFER NG VISA O SPONSOR?

Hindi. Ang aming serbisyo ay tulungan ka lamang makahanap ng employer. Ang iyong bagong employer ang siyang dapat na mag asikaso ng paglipat at pag sponsor. Kami ay maaaring magrekomenda ng ilang magagaling na propesyonal sa mga employer sa pag-proseso ng iyong visa transfer.

ANG AKING EMPLOYER AY HINDI MABUTI MAGTRATO / HINDI SINUSUNOD ANG AMING KONTRATA/ HINDI TAMA MAGPASAHOD. MATUTULUNGAN NYO BA AKO?

Tutulungan ka naming makahanap ng bagong employer na mag ha-hire sayo. Para makahanap ng bagong amo, ang iyong kasalukuyan/dating sponsor ay kinakailangang magbigay ng release o NOC.

HINDI PA TAPOS ANG AKING KONTRATA PERO GUSTO KONG MAGPALIT NG AMO. MATUTULUNGAN NYO BA AKO?

Tutulungan ka naming mapalapit sa mga employer na nais mag-hire ng mga kasambahay. Kung ang iyong sponsor ay ikakansela ang iyong visa (sa kadahilanang sila ay marerelocate or nagbago ang kanilang isip) maaari kang humingi ng release para makahanap ng bagong employer. Hindi ka maaaring i-hire ng isang employer hanggat

wala kang release galing sa iyong kasalukuyang amo. Kapag hindi mo tinapos o kinompleto ang iyong kontrata ay maaaring hindi ka mabigyan ng release.

ANG AKING EMPLOYER AY HINDI MABUTI, AKO AY SINASAKTAN AT TINATAKOT. ANO ANG DAPAT KONG GAWIN?

Kapag ang iyong employer ay hindi sinusunod ang inyong kontrata at ikaw ay inaabuso o hindi kinikilala ang iyong karapatan, siguraduhing ika'y ligtas at tumawag ka sa embassy: 4483.1585 Philippines Embassy o 4488.4485 POLO OWWA.

PAANO AKO MAKAKAKUHA NG NOC O RELEASE SA AKING EMPLOYER/AMO?

Una, kausapin mo sila at tanungin kung magbibigay sila ng release. Kapag sinabi nilang OO, ay makipagkasundo sa iyong kasalukuyang amo kung kailan nila ito nais na ibigay sa iyo. Ang NOC ay isang dokumento na nilalagdaan ng kasalukuyang amo. Kapag ang iyong amo ay nagdesisyon na bigyan ka ng NOC, ito ay kadalasang ibibigay nya lamang sa iyo kapag may bagong amo nang nais na ikaw ay i-hire.

ANG AKING KASALUKUYANG AMO (O BAGONG AMO) AY HUMIHINGI NG BAYAD PARA SA "TRANSFER FEE" PARA BIGYAN AKO NG NOC?

Ito ay illegal. Ang mga amo ay nagbibigay ng maraming dahilan o palusot para dito ngunit ito ay labag sa batas. Kung ikaw ay karapat-dapat na mabigyan ng NOC ngunit tinanggihan o hinihingian pera, ireport mo ito sa iyong embassy: 4483.1585 Philippines Embassy o 4488.4485 POLO OWWA.

ANG AKING PROFILE AY WALA SA ONLINE, PAANO MAG LOG-IN PARA MAKUMPLETO KO ITO?

Pumunta sa www.dohananny.com/Security/login. Ilagay ang iyong email at password para makapunta sa "My Account". Sa pinaka babang parte pindutin ang orange button na may "complete my profile" para makumpleto ang mga kulang na impormasyon.

ILANG BUWAN NALANG AT MATATAPOS KO NA ANG AKING KONTRATA. ANO ANG DAPAT KONG GAWIN?

Una, makipag-usap sa iyong employer at siguraduhing sila ay magbibigay ng NOC or release sa iyo kapag ang iyong kontrata ay iyong natapos. Kapag nasiguro mo na ay maaari ka ng magregister sa amin 2-3 buwan bago matapos ang iyong kontrata, para ng sa ganon ay mayroon ka pang sapat ng panahon para makahanap ng mabuting employer.

KAPAG BA AKO AY NAGREGISTER, AKO AY PUMASOK NA SA ISANG KASUNDUAN OR KONTRATA?

Hindi. Kailangan mong mag-register para maipost ang iyong online profile ng libre. Kapag ikaw ay nag "agree to our terms and conditions" ito ay nangangahulugan lamang na ikaw ay sumasang-ayon na magsasabi at maglalagay ng pawang puro katotohanan

lamang na impormasyon, at ikaw ay naghahanap ng legal na trabaho. Dito ikaw ay walang kontrata, walang pangako, o obligasyon na gagawin pagkatapos. Ikaw ay walang anumang babayaran o ibibigay na anuman kompidensyal na impormasyong ibibigay kahit na kailan. Ikaw ay hindi maaaring piling magbayad ng placement fee o tumanggap ng trabaho sa isang employer ng labag sa iyong kagustuhan.

PAANO MAGREGISTER PARA MAIPOST KO ANG AKING ONLINE PROFILE SA MARAMING EXPAT NA PAMILYA SA QATAR?

Limang minute lamang ang paggawa ng profile. Una, kailangang mag register. Pagkatapos ay ilagay ang profile information. Kung ikaw ay nalilito sa anumang hakbang, kung maaari lamang ay sumangguni sa aming instruction sa aming nanny page o mag message sa amin sa facebook.

AKO AY NAKATIRA SA PILIPINAS. MAAARI RIN BA AKONG MAG APPLY?

Oo. Maraming pamilya ang kumukunsidera na magsponsor direkta galing sa Pilipinas. Ang mga sumusunod ay iyong kailangan:

- i. mayroong NOC galing sa dating amo
- ii. hindi nag trabaho sa Qatar sa loob ng nakaraang 6 na buwan
- iii. hindi pa nakapag trabaho sa Qatar.

Kapag ang isang employer ay interesado na i-hire ka, kayo ay nararapat na makipag – usap o sumangguni sa isang propesyunal (maaari kaming magrekomenda ng ilan mula sa Qatar o Manila) tungkol sa mga requirements ng visa at medical tests. Kung mangyaring ikaw ay kwalipikado sa pagkuha ng visa, malusog ang pangangatawan, at walang problema sa visa, sa loob ng 60 na araw ikaw ay maaaring makapunta na sa Qatar. Ang employer ang siyang magbabayad ng lahat ng kabuuang halaga ng pagproseso ng iyong visa at pati na rin ang pagbili ng iyong tiket sa eroplano.

NAIS KO LAMANG MAGTRABAHO NG PART TIME O KASWAL, MAARI NYO BA AKONG TULUNGAN?

Tumatanggap po lamang kami ng mga kasambahay na maaaring legal na isponsoran o makapagtrabaho sa isang employer. Sa Qatar ito ay nangangahulugan na ikaw ay dapat na mayroong family visa, o ikaw ay magtatrabaho ng full time sa iyong sponsor lamang.

AKO AY MAY FAMILY/BUSINESS/TOURIST/OPEN VISA, MAAARI BA AKONG MAG APPLY?

Sa usaping teknikal ay oo. Ang mga nasabing visa ay maaaring ilipat sa pag-sponsor ng bagong employer sa Qatar. NGUNIT, ang bawat sitwasyon ay magkakaiba at kailangan mong makipag ugnayan sa iyong embassy, sa isang propesyonal o sa iyong employer tungkol sa iyong sitwasyon para makasiguro na ikaw ay maaaring i-hire ng isang bagong employer.

AKO AY NAKATIRA SA KUWAIT/SAUDI/BAHRAIN/SINGAPORE/HONG KONG.... MAAARI BA AKONG MAG APPLY?

Oo. Maraming pamilya ang kumukunsidera na magsponsor direkta galing sa Pilipinas. Dapat ikaw ay naninirahan sa labas ng Qatar AT ang mga sumusunod ay iyong kailangan:

- i. hindi nag trabaho sa Qatar sa loob ng nakaraang 6 na buwan
- ii. hindi pa nakapag trabaho sa Qatar.

Kapag ang isang employer ay interesado na i-hire ka, kayo ay nararapat na makipag – usap o sumangguni sa isang propesyunal (maaari kaming magrekomenda ng ilan mula sa Qatar o Manila) tungkol sa mga requirements ng visa at medical tests. Kung mangyaring ikaw ay kwalipikado sa pagkuha ng visa, malusog ang pangangatawan, at walang problema sa visa, sa loob ng 60 na araw ikaw ay maaaring makapunta na sa Qatar. Ang employer/amo ang siyang magbabayad ng lahat ng kabuuang halaga ng pagproseso ng iyong visa at pati na rin ang pagbili ng iyong tiket sa eroplano.

NAG HA-HIRE BA KAYO NG DRIVERS O IBA PANG TRABAHO NA PANG LALAKI?

Kami po ay hindi nagha-hire ng sinoman. Tumutulong kami sa mga kasambahay na makahanap ng isang mabuting expat na pamilya. Kami ay kumukuha LAMANG ng registration ng mga kasambahay at mga employers.

SINO ANG MAGPOPOTEKTA SA AKIN O TUTULONG KAPAG AKO AY NAGKARON NG PROBLEMA SA KONTRATA? MAKAKATULONG BA SA AKIN ANG ISANG AGENCY?

Ikaw ay direktang pipirma ng kontrata sa iyong employer. Ito ay magbibigay sayo ng kakayahang hindi magbayad sa isang agency at makapamilya ng employer na iyong pinagkakatiwalaan at kapalagayang loob. Kaakibat ng kakayahang ito at kalayaan ay ang iyong responsibilidad na personal na lutasin at harapin ang anumang problema sa iyong kontrata. Kung ang iyong employer ay mapang abuso o hindi sumusunod sa inyong kontrata maari lamang ay tumawag sa 4483.1585 Philippines Embassy o 4488.4485 POLO OWWA.

ANG AKING EMPLOYER/AMO AY HINDI MAGBIBIGAY NG NOC OR RELEASE, ANO ANG DAPAT KONG GAWIN?

Hindi ka maaaring makahanap ng bagong employer kung wala kang NOC. Kung natapos mo ang iyong kontrata, maaari kang bumalik sa Pilipinas para magbakasyon o mag quit. Maaari ka lamang bumalik sa Qatar para sa bagong sponsor o trabaho pagkatapos ng 6 na buwan, kahit na mayroon kang NOC galing sa iyong dating employer.

NAGBEBENTA BA ANG DOHA NANNY NG VISA O MATUTULUNGAN NYO BA KAMI NA MAKAKUHA NG VISA PARA SA PAG SPONSOR?

Hindi. Kami ay nagbibigay ng serbisyong online para matulungan kayong makahanap ng mabuting employer. Ikaw at ang employer ang siyang mag uusap tungkol sa visa kung nais ka niyang i-hire. Ang employer ang nararapat na mag ayos ng lahat ng mga bagay patungkol sa iyong visa.

MAARI BA AKONG MAG LOG-IN SA PAMAMAGITAN NG FACEBOOK?

Hinde. Hindi kami gumagamit ng facebook log-ins. Kakaiba ang aming registration page. Hindi mo kailangang magpasok ng kahit anong facebook details o passwords kapag ikaw ay nagregister ng account.

SAAN AKO DAPAT MAGREGISTER SA INYONG FACEBOOK PAGE?

Ang aming facebook page ay para lamang sa mga impormasyon. Kung nais mag-register ay pumunta sa aming website: www.dohananny.com

SAAN MATATAGPUAN ANG INYONG OPISINA?

Wala po kaming opisina. Kami ay online internet company. Maaari mo kaming kontakin sa pamamagitan ng email o facebook chat. Hanapin sa aming website o facebook page ang mga detalye.

NANININGIL BA KAYO NG BAYAD PARA SA SIGN UP O PLACEMENT FEE KAPAG KAMI AY NA HIRE NG INYONG EMPLOYER? PAANO KAYO KUMIKITA SA SERBISYONG ITO?

Lahat ng aming serbisyo ay libre para sa mga kasambahay. Kami ay naniningil sa mga employer ng bayad sa paghanap ng inyong profile at sa pagkontak sa inyo. Kami ay naniniwala na ang mga kasambahay ay hindi dapat nagbabayad upang makahanap ng employer.

MAIPAPANGAKO BA NG DOHA NANNY NA ANG AKING MAGIGING EMPLOYER AY BANYAGANG EXPAT AT HINDI GALING SA IBA PANG LAHI?

Kapag ang isang employer ay kumontak sa iyo para ikaw ay i-hire, ikaw ay malayang makakapag desisyon kung ikaw ay sumasang-ayon o hindi. Hindi ka maaaring pilitin ng employer na hindi mo gusto. Dapat mong gawing kaakit-akit ang iyong profile upang tyak na makapagtrabaho sa isang employer na nais mo. Kami ay bukas sa lahat ng miyembro at mga lahi. Pagsisikapan naming masiguro na ang bawat miyembro ay may paggalang at respeto sa bawat isa at may magandang intensyon.

PAANO NYO AKO MATUTULUNGANG MAKAHANAP NG TRABAHO KUNG HINDI AKO PIPIRMA NG KONTRATA?

Hindi mo kailangang pumirma ng kontrata sa Doha Nanny. Tutulungan ka naming makakonek sa maraming mga expat na pamilya na nais mag hire ng kasambahay. Kapag ikaw at ang employer ay nagkasundo sa trabaho, ikaw ay pipirma ng kontrata sa

employer at hindi sa amin. Ang employer ang mag aasikaso ng proseso ng pag sponsor sa iyo.